Awtomatikong magbubukas ang Lungsod at County ng San Francisco ng savings account sa kolehiyo na may paunang $50 para sa bawat estudyanteng K-12th grade na naka-enroll sa San Francisco Unified School District (SFUSD).



KUMITA NG MGA INCENTIVE

Mag-login sa iyong account at tingnan ang iyong balanse online sa K2CSF.ORG. Magdeposito sa iyong account at lumahok sa mga aktibidad at paligsahan ng K2C para makakuha ng karagdagang mga insentibo.



PILIIN KUNG PAANO MAGTIPID GAMIT ANG K2C

Mag-ambag nang direkta sa pamamagitan ng iyong account online, mag-set up ng online bill pay sa iyong bangko, mag-set up ng direct deposit sa pamamagitan ng iyong employer, magpadala ng tseke, o magdeposito ng cash sa City Hall.



I-COVER ANG MGA GASTUSIN SA KOLEHIYO

Bayaran ang matrikula at mga bayarin, mga libro, mga kagamitan, at iba pang gastusin sa edukasyon sa pamamagitan ng apat na taong programa sa university, community college, trade o vocational training.



WALANG BAYAD

Libre ang mga K2C account - walang anumang bayarin o singil.



HINDI MAKAKAAPEKTO SA KWALIPIKASYON SA PAMPUBLIKONG BENEPISYO

Hindi kailangang ipaalam ang mga pondo sa K2C account kapag nag-aaplay para sa mga pampublikong benepisyo.

KINDERGARTEN TO COLLEGE

PAANO AKO MAGSIMULA?

✓ ALAMIN ANG IYONG NUMERO NG K2C ACCOUNT

Ang iyong K2C Account Number ay nagsisimula sa 415, na sinusundan ng SFUSD Student ID ng iyong estudyante. Halimbawa: 415123456789.

✓ I-ACCESS ANG IYONG K2C ACCOUNT

Mag-log in sa K2C portal para pamahalaan ang iyong account, magtakda ng mga layunin, at palaguin ang iyong ipon sa pamamagitan ng mga personal na kontribusyon at incentive.

✓ MAG-DEPOSITO NG PERA

Mag-ambag sa pamamagitan ng pag-link ng bank account sa iyong K2C participant portal, sa pamamagitan ng pagbabayad ng bill, nang personal, koreo o direktang deposito. Bisitahin ang K2CSF.org para sa mga detalye.

KUMITA NG MGA INCENTIVE

$20 TINGNAN ANG BALANSE NG K2C ONLINE

Mag-login sa K2C portal para makita ang iyong balanse online minsan sa isang taon ng pasukan at bibigyan namin ng $20 incentive ang K2C account ng estudyante.

$20 MATCH

Sa bawat dolyar na iyong naipon, itutugma namin ang iyong ipon sa unang $20 na iyong naipon ngayong taon ng pasukan. Halimbawa, kapag ang $1 ay naideposito, magdedeposito kami ng $1. Patuloy naming itutugma ang iyong ipon para sa iyong unang $20 na naipon.

$20 MAG-IPON NA NGAYON

Para sa mga bagong bukas na account, makatanggap ng minsanang bonus na $20 kung gagawin mo ang unang deposito sa account ng iyong estudyante sa pagtatapos ng taon ng pasukan.

I-scan ang QR code para ma-access ang iyong account. Samahan kami sa Facebook at Instagram @K2CSF.

www.k2csf.org | k2c@sfgov.org | 3-1-1 (In San Francisco) or 415-701-2311